# 1

Pinilit ni Isabella Javier na panatilihin ang ngiti sa kanyang labi habang nakikipag-usap sa anak at tagapagmana ng isang kilalang network tycoon. Hindi iyon madali, lalo pa't tila nagtatayuan ang mga balahibo niya sa batok sa titig ng isang tao sa likuran niya.

"So, Bella," narinig niyang untag ni Randy Villarica, "how did you end up working for the Prietos?"

Absent-minded niyang nahawakan ang leeg at sinubukang ibaling ang lahat ng atensyon sa kaharap. "My father was their father's assistant, mayordoma naman ang mama ko sa bahay nila, even my grandparents worked for them, too. I supposed it was tradition in our family to work for them. When I finished my business management course, automatic na sa kanila na ako magtatrabaho." Sumimsim siya ng ladies drink mula sa hawak na kopita.

"Oh, I see," tango nito, may bahagyang ngiti sa labi. Again, she tried her best to keep smiling too, still aware of the man staring at her from behind.

Naging mellow ang tugtog at nakita niyang kinuha ng birthday celebrant na si Richard ang kamay ng fiancée nitong si Chantal Carbajal. Giniya nito ang dalaga sa gitna ng dance floor ng malaki nitong resthouse at nagsimulang marahang sumayaw

ang dalawa. It was Richard Prieto's thirty-fourth birthday. Naroon sila sa villa nito sa Claveria, Cagayan para i-celebrate iyon.

Hindi niya napigilan ang pagngiti nang makita ang soft smile sa labi ng kanyang amo. Three months ago, kung may nagsabi sa kanya na makikita niya ang kanyang boss na ngingiti nang ganoon kaganda sa isang babae, tatawa siya nang malakas. Never did she think that her cynic boss would really fall this hard for someone. And fall in love hard he did. Sa Piat, Cagayan na nga rin ito nagpasyang tumira para laging makasama ang fiancée na isang volunteered nurse sa Conner, Apayao. Pumapasok na lang ito sa trabaho sa Manila gamit ang chopper araw-araw. She kept teasing him about it on the first week, pero dine-deadma lang siya ng boss, halatang walang pakialam kung masabihan itong corny o dead na dead sa fiancée nito. At ngayon, nagpapagawa na rin ito ng bahay sa Conner para roon na talaga tumira kasama ng magiging asawa nito.

"Hay, ang corny talaga ni Sir…" natatawa niyang usal sa sarili.

"You were saying something?"

Napatingin siya sa kausap. "Ah, no, wala," nakangiting iling niya. Inubos na niya ang laman ng kanyang kopita at binaba iyon sa malapit na table. Pagtaas niya ng tingin, her eyes met cold brown eyes. As usual, she felt the familiar fast beating of her heart whenever she looked at those brown eyes. Kanina pa niya iniiwasang magtama ang tingin nito dahil sa rason na iyon.

Whenever she met those eyes, pakiramdam niya nagre-relay race ang heartbeat niya at nahihilo siya. It was aggravating, she hated that he could make her feel that way by just looking at his eyes. Worse, one-sided feeling iyon, dahil kahit kailan, sigurado siyang hindi mararamdaman ni Paulo Agustus Erde Prieto ang nararamdaman niya. With that, she felt sharp needles piercing her chest.

Hindi niya alam kung ano ang naging ekspresyon ng mukha niya, pero nakita niyang tila nag-tense ang katawan ni Paulo dahil doon. Mabilis niyang iniwas ang tingin dito.

"Are you okay?" narinig niyang tanong ni Randy.

She tried her best to smile. "Ah… yes. Medyo nahilo lang, nakatatlong shot na kasi ako ng ladies drink."

Namilog ang mga mata ni  Randy. "Three shots pa lang, nahilo ka na?"

"Ah, well madali talaga akong malasing."

Totoo iyon. Kahit kaunting alcohol lang, nahihilo na siya agad. Sigurado rin siyang bonggang-bonggang hang-over na ang haharapin niya bukas dahil doon. Nakangiti pa rin siya sa kausap nang makita niya sa gilid ng kanyang mata ang isang babae na kumawit sa braso ni Paulo. She stiffened automatically. It was his Brazilian supermodel girlfriend.

Agad niyang naramdaman ang pamilyar na paninikip ng

sikmura.

"Ah…" she stammered habang nanginginig na naisuklay ang mga daliri sa buhok. "Excuse me for a moment, I need to go to the powder room." Naglakad na siya palayo kay Randy bago pa ito makapagsalita.

---

"Oh, damn it, Bella, just how old are you?" gigil niyang tanong sa sarili habang masamang nakakatig sa kanyang repleksyon sa salamin sa loob ng powder room. Mabuti na lang at walang ibang tao roon kung hindi, baka naalarma na ito dahil kanina pa niya kinakausap ang sarili.

"Come on! You can't avoid him forever! Ano ba talaga'ng problema mo, ha? Ano? Ayaw mong marinig na ikakasal na siya sa buwisit na Brazilian supermodel girlfriend niya? Na ngayong nakabalik na siya from Brazil ia-announce na niya ang engagement niya? What does it matter, it's not like you love him!" she fumed.

"Natural lang na makaramdam ka ng medyo sama ng loob, like magpapakasal na ang best friend mo! Ikakasal na si Richard 'tapos siya rin malamang. It's okay to feel a little upset because you're being left behind. It's okay to feel a little jealous! It's not because you're in love him! Hindi, hindi, hindi!" Parang batang nagpapadyak pa siya sa inis sa harapan ng salamin.

"F*ck, para akong baliw." Marahas siyang humugot ng hangin saka marahas ding sinuklay ng mga daliri ang mahaba

niyang buhok. Matapos ang ilang saglit, humugot ulit siya ng hangin at tila nanghihina na kinuha ang kanyang kikay kit sa bag. She applied loose powder on her face, naglagay rin siya ng kaunting lip gloss at inayos ang medyo nagulong buhok. Napabuntong-hiningang tinitigan niya ang repleksyon. Maraming nagsasabi sa kanyang maganda siya. Maganda ang fair skin niya, maganda ang shape ng mukha niya, ang maliit niyang ilong, ang hair niya— naniniwala siya sa mga iyon. She knew she was pretty, but she supposed wala siyang panama sa mga classical beauty gaya ng kapatid ni Richard na si Natasha at sa fiancée nito na si Chantal.

*O sa mga diyosang girlfriends ni Paulo*, sulsol ng isang boses sa utak niya. Nag-flash sa isip niya ang eksena kanina. Graciella was touching Paulo's arms. God, bagay na bagay ang dalawa. Parehong matangkad, parehong magandang tao, parehong mayaman.

Si Graciella—beautiful, charismatic, filthy rich Graciella…

Napapikit siya nang mariin. Gusto niyang sabunutan ang sarili. Por Dios, kailan pa siya naging vain sa hitsura niya? Kailan pa siya naging inggitera?

"Mag-self pity ba ang bruhilda! Nakakahiya ka! Ang babaw-babaw mong babaita ka!" gigil niya sa sarili. Humugot ulit siya ng hangin at hinarap ang repleksyon, saka namaywang. "Isabella Javier, you are beautiful. You are great! You are awesome! You are wonderful! The best ka! Go! Go! Go!" parang engot na cheer

niya sa sarili. “Go fight!”

Matapos humugot ulit ng malalalim na hininga, inayos na niya ang mga gamit at taas-noong lumabas na ng powder room.

“Having fun tonight?”

Muntik na siyang mapatalon sa gulat nang marinig ang pamilyar na boses na iyon paglabas niya ng powder room. Hawak ang dibdib, matalim niyang tinapunan ng tingin ang may-ari ng boses. Paulo returned her gaze coldly.

She bit her lip as she felt her heartbeat go crazy.

Mabilis niyang iniwas ang tingin. “What in the world is wrong with you? Do you want to give me a heart attack?”

“Stay away from Randy Villarica, he will eat you alive and throw you away right after,” anito na tila ba hindi narinig ang sinabi niya. Humugot siya ng hangin at pinanatiling nakaiwas ang tingin dito.

“Kadarating mo lang from Brazil at ’yan agad ang bungad mo? Wala man lang *‘Hi, hello. Kamusta ka na? Ang tagal din nating di nagkita ah!’*”

“I’m not kidding. I don’t  know him personally but I know that kind of bastard—”

Hindi niya napigilan ang nanunuyang ngiti. “I supposed it takes one to know one, huh?” Tila nag-tense ang katawan

ng binata dahil doon. She bit her lip, medyo out of line yata ang banat niyang iyon. After all, sigurado siyang sincere ang concern nito sa kanya. Humugot siya ng hangin. “Look, Paulo, I appreciate the concern, but I’m okay. I can take care of myself. Anyway, how’s your trip?” Sinubukan niyang salubungin na ang mga mata ng binata. Alam niyang hindi niya maiiwasan ang topic na iyon; the sooner she face the truth, the better. Kahit mahilig mag-drama, she was never really a big fan of delaying the inevitable. Mas gusto niya iyong one time, big time na sakit; patay kung patay. Mas preferred niya ang isang bagsakan lang, ayaw niya ng inuunti-unti.

Si Paulo ang napaiwas ng tingin. “It’s okay.”

“May double wedding bang magaganap?”

Umiling ito. “No, Graciella and I broke up.”

Ilang segundo rin ang kinailangan para makapagsalita siya ulit. “Broke up!” bulalas niya.

Naningkit ang mga mata nito. “Disappointed that I won’t be marrying yet? Bakit? Para wala nang iistorbo sa lovelife mo?”

“What?” naguguluhan niyang tanong. “What are you talking about? Why did you break up? Siya ang pinakamatagal mong girlfriend. You looked great together, you look happy with her! At saka nakita ko siya kasama mo lang kanina—”

“She’s here on business,” he said curtly. “And we’re still

friends, there's nothing strange seeing us together."

Nakaawang pa rin ang mga labi, napailing siya. "Ano na naman ang ginawa mo? She's a perfect catch! Maganda, mabait, mayaman, humble, relihiyosa; what did you do this time—"

"And what makes you think it's my fault?"

"Well, hindi ba?" Halatang gusto nitong sabihing hindi, pero hindi nito magawa. Paulo was never a good liar. Iniwas na lang nito ang tingin. Napalabi siya. "See?" sulsol pa rin niya.

"I don't want to talk about it."

Inikot niya ang mga mata pagkatapos ay humalukipkip. Matama niyang pinagmasdan ang guwapong binata. Seriously, hindi niya maintindihan ang taong ito. Kahit insecure siya sa Brazilian supermodel na si Graciella Aldama, she still thought the woman was one of the best any man could ever hope for. Malaki ang sayad ng taong magpapakawala sa isang tulad ng dalagang iyon.

"Anyway, about Randy," anito pagkaraan, "don't get too friendly with him, he'll only play with your feelings. You'll only end up miserable with him."

Gusto sana niyang sabihin na kumpara sa nararamdaman niyang heartache dahil dito, chicken ang kung ano mang sama ng loob na mararamdaman niya mula kay Randy. But that would be unnecessary. Her feelings were her responsibility; Paulo need

not be burdened with feelings that were not his fault.

"Ah, well, ganoon talaga ang buhay," kibit-balikat niya. "Kasama sa life ang masaktan—"

"Don't joke about that!" Nagulat siya nang bigla nitong halbutin ang braso niya. Nakatiim-bagang ito at matiim ding nakatitig sa kanya. "He'll only hurt you. I've heard rumors about him, you wouldn't stand a chance. Stay away from him!"

Hindi niya alam kung bakit, pero talagang nag-init ang ulo niya. "Well, that's none of your business! Ikaw nga ang puro failure ang relationships! So please, 'wag mo 'kong pangaralan sa mga relasyon na dapat kong pasukin!" Tinalikuran niya ito at malalaking hakbang siyang naglakad palayo rito. Narinig niyang galit nitong tinawag ang pangalan niya pero hindi niya ito pinansin, tuluy-tuloy siyang naglakad papunta sa hall kung saan naroon ang mga bisita. Pagdating doon, nanggagalaiti pa rin siya.

Tinungo niya ang teresa para roon magpalamig. Eksaktong pagbukas niya ng pinto ng terrace ay narinig niya ang pagpapanic ng isang babae.

"Please… don't—"

"'Wag ka nang magpakipot! You're just trash anyway! You should be honored that you'd be able to sleep with someone like me!" Nanlaki ang mga mata ni Bella, nakilala agad niya ang boses ni Randy Villarica. "Stop playing hard to get! I hate girls like that the most. Women like you should know your place!"

"No! Please! Don't!"

Doon siya tila natauhan. Nagmamadali siyang pumasok sa terrace para pigilan ang kabastusan ng network mogul. "Stop that!" Malakas niya itong hinampas ng handbag niya.

Sa gulat nito, nabitawan nito ang pinipilit na babae at gulantang na napaharap sa kanya. Umiiyak na tumakbo ang dalaga palabas ng terasa. Nakilala niya ito bilang isa sa mga volunteered nurse na kaibigan ni Chantal. Nanlalaki ang mga matang tinitigan niya si Randy.

Nakakaloko itong nakangiti. "What? She asked for it." His face remained sardonic. Still shocked, she stared unbelievingly at the handsome young man. Kanina lang ay napakaamo ng hitsura nito, pero ngayon halos hindi na niya makilala ang taong nasa harapan niya.

"You're a filthy bastard," anas niya.

His smile turned even more sarcastic. "Yeah, I'm a filthy *rich* bastard, while you are nothing but a paid worker." Humakbang ito palapit sa kanya. Instinctive siyang napaurong pero dahil sa bilis ng kilos niya at taas ng suot na heels, natapilok siya at muntik nang mabuwal. Mabilis siyang nahagilap ni Randy sa baywang. Kasabay ng awtomatiko niyang pagtulak dito ay naramdaman din niya ang sakit ng pag-stretch ng muscle sa kanyang ankle. Napadaing siya dahil doon.

"So, my dear Bella…" Randy's fingertips traced her

face. Noon niya nasamyo ang alak sa hininga nito. “What do you say? Let’s have some fun and ditch this place, I’ll make it worth your while. I really like you, I’m even willing to pay.”

Sa kabila ng sakit sa kanyang paa, nagawa niyang tapunan ito ng matalim na tingin. “Not in a million years.”

Naningkit ang mga mata nito. “Nagmamalaki ka pa! Ano ba’ng tingin mo sa sarili mo? Do you know who I am? Kaya kong bayaran ang buhay m—”

“Bella!” narinig niyang sigaw ni Paulo mula sa pintuan ng terrace.

“Oh, look, another interruption. Come on, Bella, I can do a better job than your boss’ goody-two-shoes brother—”

“Bella!”

Bago pa makalapit si Paulo at masuntok si Randy, inunahan na niya ito. Marahas niyang tinulak ang network tycoon sabay buwelo at malakas itong sinuntok sa panga. Sa lakas ng buntal niya, bumulagta ito sa sahig. She reached for the nearest wall for support. Agad nitong sinubukang tumayo pero dahil sa lakas ng suntok niya at marahil dahil na rin sa dami ng nainom nitong alak, tila nahilo ito at hindi na makatayo.

“Y-you… bitch…” anito bago tuluyang napahiga sa sahig at mawalan ng malay.

Hinihingal si Paulo nang makarating sa tabi niya at mabilis

siyang hinagilap sa balikat. “Are you okay? Did he hurt you? Do you have any bruise—”

“You’re overreacting, I’m okay.” Iniwas niya ang tingin dito pero mabilis nitong nahagilap ang pisngi niya para iharap ulit ang mukha niya rito.

“Did he try to kiss you—”

“I said I’m okay!” Itinulak niya ito pero dahil doon naramdaman niya ang pananakit ng kanyang bukong-bukong. Napansin agad iyon ng binata. Cursing, mabilis siya nitong pinangko at dinala sa malapit na upuan. “Put me down! Kaya kong maglakad!”

Pero hindi siya nito pinakinggan at tuluy-tuloy lang sa paglakad papunta sa isa sa mga benches sa gilid ng terrace. Maingat siya nitong iniupo roon pagkatapos ay lumuhod sa harap niya at kinuha ang kanyang paa.

“Ano ba! Stop that!”

Parang hindi siya narinig na tinanggal nito ang three-inch stiletto niya at maingat nitong nilapat sa tuhod nito ang kanyang paa. “God, Bella, stop wearing these killer shoes!”

“Well, I can’t! Gusto mo ba ’kong magmukhang midget sa tabi ninyong magkakapatid?” asik niya. Sa taas ng mga ito na halos more than six feet, kailangan mag-three-inch stilettos ang isang 5’3” na taong kagaya niya para lang lumagpas sa dibdib ng

mga ito. She felt her cheeks burning hot when she felt his fingers carefully examining her feet.

"I think you sprained it," usal nito.

"I said I'm okay!" pilit niya. Matabang siya nitong tinitigan bago maingat na ibinaba ang paa niya. Tumayo ito at kinuha ang phone sa bulsa. Akmang tatayo siya ngunit maagap nitong hinawakan ang balikat niya.

"Don't move," utos nito habang nakadikit ang telepono sa tainga. Biting her lip, iniwas na lang niya ang tingin dito. "Yes, Rupert," anito sa isa sa mga guards sa rest house ni Richard. "Umakyat ka muna rito sa terrace, may nalasing nang sobra rito. Get him a taxi and send him to his hotel. Try not to make a scene, I don't want to disrupt my brother's party." Pagkatapos ibigay ang address ng hotel ni Randy sa kausap, nagpasalamat si Paulo at tinapos na ang tawag. Tumalikod ito at lumuhod sa harap niya. "Hop in, I'll bring you to your room."

Masama niyang tinitigan ang likod nito. "Paano mo nalaman ang hotel address ng gagong 'yan? Were you spying on him?"

Humugot ito ng hangin at hindi pinansin ang tanong niya. "Hop in, Bella." Walang pasabing kinuha nito ang mga braso at binti niya para ipalupot sa leeg at balakang nito, pagkatapos ay agad itong tumayo para hindi na siya makapalag.

"You ass! I can walk!" Muli, hindi siya pinakinggan nito. Nang mga oras na iyon, gusto na talagang sumigaw ng dalaga.

"Stop being stubborn," she heard him bit out. "I've been giving you piggyback rides since you were five, there's nothing awkward with this."

*There is!* gusto niyang isigaw. Una, hindi na siya five. Pangalawa….

Agad niyang pinigil ang pag-e-enumerate sa utak ng mga dahilan. Even in her mind, she refused to think of reasons why she did not want to be held this close to his body. Kung hindi niya iisipin, kung hindi niya aaminin, baka mawala rin ang mga rason niya.

Namumula ang mga pisnging kinagat niya ang labi.

Maingat na binagtas ni Paulo ang daan sa gilid ng terrace papunta sa gilid ng bahay. Dumaan ito sa back door sa kitchen para hindi sila makita ng mga bisita. Habang umaakyat ito sa hagdanan papunta sa guest room, muli itong nagsalita.

"You could have waited for me to punch him for you and let me play the knight-in-shining-armor just once."

Kunot-noong pinagmasdan niya ang batok nito. "Bakit naman kita hihintayin? I'm *not* a princess, I'm a hired help. Knights-in-shining-armor are not for hired helps."

Natigilan ito roon. "What the hell was that?"

Nagkibit-balikat lang siya. Nakarating na sila sa harap ng pinto ng kuwarto niya, Paulo twisted the knob then pushed it

open. Dinala siya nito sa kama at maingat siyang ibinaba. She quickly reached for the lampshade and turned it on. Pagharap niya, nakita niyang matamang nakatitig sa kanya ang binata. She hated the intense way he was staring at her, it was as if he was probing her soul.

"You're *not* hired help, you're part of our family. What made you say that stupid thing?"

Natatawang pinaikot niya ang eyeballs. "Joke lang 'yon, ano ka ba!"

"Well, I'm serious."

Bakit ba hindi na lang nito iwan ang topic na iyon? "I know."

Hinawakan nito ang mukha niya. "Never say anything like that again, kahit biro lang. We're family, Bella." The intensity of his gaze made her chest ache.

*Family,* she thought bitterly.

"Yes, I know…" Binalot sila ng katahimikan matapos niyon. Nanatili silang nakatitig sa isa't isa. From the open window, they could hear the faint music and laughters from downstairs. Pumapasok din mula sa bintana ang sinag ng buwan. The pale moonlight was bathing Paulo in a silvery glow, making his handsome face looked ethereal. Napataas ang tingin niya sa mga mata nito at nakita niyang mataman itong nakatitig sa mga labi niya. Her eyes widened and she felt her heart beating wildly in

her chest. Her throat suddenly felt dry. Paulo was staring intently at her lips. His eyes were dark and heavily lidded with something she dared not identify. Then, slowly, almost imperceptibly, bumaba ang mukha nito sa kanya. She felt blood rush in her head.

"Paulo…" nanginginig na bulong niya. Tila natauhan ito roon. Instantly, he froze, his lips hovering only centimeters from her lips. As fast as lightning, he pushed himself away from her. Malalim ang paghinga at tila may tambol pa rin sa dibdib, tinitigan niya ang kababata. His eyes looked wild, nakakuyom-palad ito at malalim din ang pahinga. "Paulo—"

"Go to sleep." His voice was rough. Tumalikod ito bago pa siya makapagsalita. Malalaking hakbang na tinungo nito ang pinto na para bang hindi nito kayang magtagal sa presensya niya ng kahit isa pang segundo. "I'll ask Gareth to look at your sprain." Iyon lang at mabilis itong lumabas ng kuwarto niya.